

## Fact Sheet 1

# Pagkilala ng Karahasan sa Tahanan, Pamilya at Karahasang-Sekswal

Ang mga kababaihan at ang kanilang mga anak ay maaaring dumanas ng maraming iba't ibang anyo ng pag-aasal na marahas at mapang-abuso. Nagpapakita ang mga estadistika na ang ganitong pag-aasal ay kadalasang isinasagawa ng mga kalalakhian.

Upang ikaw ay tulungang kumilala, sumuporta at tumugon nang epektibo sa mga indibidwal at mga pamilya na maaaring dumaranas ng domestic, family and sexual violence (DFSV - karahasan sa tahanan, pamilya at karahasang-sekswal), mahalagang malaman kung ano ito at ano ang iyong magagawa upang makatulong.

### Ano ang Karahasan sa Tahanan, Pamilya at Karahasang-Sekswal?

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay mapang-abusong pag-aasal ng isang partner, dating partner, isang tao na nagkaroon ng matalik na pakikipagrelasyon sa biktima, o isang miyembro ng pamilya kabilang ang sa mga henerasyon, na ginamit upang kontrolin o takutin ang biktima.

### Ito ay hindi lang pisikal

Ang karahasan sa tahanan ay maaaring kabilangan ng:

- pisikal na karahasan na nagdudulot ng pinsala – paghampas, pagkagat, pagtulak, pagsipa, pagsakal
- Karahasang-sekswal – pagpuwersa sa isang tao na makipagtalik. Maaari itong kabilangan ng paggahasa at pag-atakeng-sekswal, incest (pakikipagtalik sa kapamilya o kamag-anak) at pag-abusong- sekswal sa bata
- abusong pandamdamin o sikolohikal– pag-insulto o pagpapahiya sa publiko ng partner
- abusong pasalita – paghiyaw, pagmura, o laging pagpintas sa partner
- abusong panlipunan – ibinubukod at hinahadlangan ang isang tao na makipagkita sa mga kaibigan at pamilya
- abusong espirital – ipinagkakait o ginagamit ang mga paniniwala at pangrelihiyong gawi upang kontrolin at dominahan ang isang tao
- pagsira sa ari-arian– upang kontrolin, intimidahin, bantaan o maliitin
- abusong pinansyal – kinokontrol ang pananalapi o ipinagkakait ang kailangang pera
- mga banta ng pagpinsala – kabilang ang mga alagang hayop at mga bata
- pagsubaybay nang palihim (stalking) – paghabol sa isang tao nang laban sa kanyang kalooban, harap-harapan o sa online
- Panliligalig na sekswal at intimidasyon sa trabaho at sa publiko
- female genital mutilation (pagtuli sa pag-aari ng babae)
- sapilitang pagpapakasal at pagpapakasal ng bata
- tinatawag na mga krimen ng ‘karangalan’ – kinasasangkutan ng karahasan at pananakot upang makontrol ang isang babae, batay sa paniniwalang siya ay kumilos sa isang paraan na nagbigay-dungis sa karangalan ng pamilya
- abusong kaugnay sa dowry (dote)– kung saan ang iniregalong dowry ay itinuring na hindi kasiya-siya ng lalaki at/o ng kanyang pamilya. Ito ay maaaring humantong sa panliligalig sa babae bago siya ikasal, habang ikinakasal, at pagkatapos ng kasal, at pang-aabuso at karahasan upang makakuha ng mas malaking dote. Sa sukdulang mga kaso, ito ay maaaring humantong sa kamatayan.

## Sa ilalim ng Batas

Lahat ay may karapatang mamuhay nang ligtas at tratuhin nang may paggalang. Ang batas sa Australya ay tumatrato sa kalalakihan at kababaihan nang pantay-pantay . Ang DFSV ay hindi katanggap-tanggap at ang mga ito ay mga krimen na labag sa batas.

Sa South Australia, sa ilalim ng batas, ang mga nagsasagawa ng DFSV ay maaaring maisakdal ng pag-atake o, kung nakapinsala, ng pagsanhi ng pinsala.

## Paano ko malalaman kung ang isang tao ay dumaranas ng DFSV?

Ang mga DFSV ay nakakapinsala sa mga biktima, sa kanilang mga anak. Ito ay maaaring mangyari kaninuman, anuman ang edad, kalagayan sa lipunan, oryentasyong sekswal, kakayahan, lahi, kasarian o relihiyon.

Kabilang sa ilang mga palatandaan na ang isang babae ay dumaranas ng DFSV ay:

- Biglang pagtigil sa paglabas, nang walang dahilan
- Labis na pag-aalala na pagagalitin ang isang partikular na tao
- Gumagawa ng maraming dahilan sa negatibong pag-aasal ng isang tao
- May mga marka o sugat sa kanyang katawan na hindi maipaliwanag
- Tumitigil mag-ukol ng oras kasama ng mga kaibigan at pamilya
- Tila natatakot o nag-iingat sa paligid ng isang partikular na tao
- Tila nag-aalala na siya ay minamatyagan, sinusundan o kinokontrol sa anumang paraan.

## Ano ang mga palatandaan ng pag-aasal na marahas at mapang-abuso?

Ang isang taong marahas at mapang-aabuso ay maaaring:

- Kumikilos sa mga paraang tumatakot sa kanyang asawa/nobyapartner
- Laging minamaliit ang kanyang asawa/nobyapartner
- Nagbabantang sasaktan ang kanyang asawa/nobyapartner
- Kinokontrol ang kanyang asawa/nobyapartner, kabilang ang:
  - Saan siya pupunta
  - Kanino siya makikipagkita at sino ang kakausapin niya
  - Ano ang nangyayari sa kanyang pera
  - Paano at saan niya magagamit ang kanyang telepono, kotse, o kompyuter
  - Paano siya kikilos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maraming mga patakaran
  - Nagagalit kung hindi niya susundin ang mga patakaran.

## Paggawa ng susunod na hakbang

Ang DFSV ay hindi katanggap-tanggap sa alinmang komunidad o kultura. Ikaw ay maaaring gumanap ng mahalang papel sa paghadlang at pagtalakay sa DFSV at pagpapanatiling ligtas ng mga kababaihan at mga bata.

Upang alamin kung ang isang tao ay dumaranas ng DFSV, mag-ukol ng panahon upang makinig at suportahan sila.

Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa 1800RESPECT (1800 737 732) o

[www.1800RESPECT.org.au](http://www.1800RESPECT.org.au)

**Sa isang emerhensya o kung may isang tao na nasa panganib, tumawag sa 000 kaagad.**

Ito ay isa sa 4 na Papel-Kaalaman tungkol sa DFSV. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong magagawa upang tulungan ang isang tao na dumaranas ng DFSV ay makukuha sa Papel-Kaalaman 2. Upang alamin ang tungkol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at paggalang, tingnan ang Papel-Kaalaman 3 at 4.



Government  
of South Australia



**MCCSA**  
Multicultural Communities Council of South Australia



Women's Safety Services SA

**BREAK  
THE  
CYCLE**  
OF DOMESTIC ABUSE